# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 86*

***"43 Narinig ninyong sinabi, Iibigin mo ang iyong kapuwa, at kapopootan mo ang iyong kaaway: 44 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig; 45 Upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit: sapagka't pinasisikat niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap. 46 Sapagka't kung kayo'y iibig sa nangagsisiibig lamang sa inyo, ano ang ganti na inyong kakamtin? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga maniningil ng buwis? 47 At kung ang mga kapatid lamang ninyo ang inyong babatiin, ano ang kalabisan ng inyong ginagawa? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga Gentil? 48 Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal." (Mateo 5:43-48 KJV)***

***"43 Narinig ninyong sinabi, Iibigin mo ang iyong kapuwa, at kapopootan mo ang iyong kaaway:" (Mateo 5:43 KJV)*** Dito ay nagsasalita ang Panginoon sa mga Judio at ipinaaalala Niya sa kanila ang tungkol sa dalawang bagay na kanilang naririnig at sinasabi sa kanila, at bilang mga sumusunod:

***A. "Ibigin mo ang iyong kapuwa,"*** Ito ay sinipi mula sa aklat ng Levitico, ***"17 Huwag ninyong kapopootan ang inyong kapatid sa inyong puso; tunay na inyong sasawayin ang inyong kapuwa, at huwag kayong magtaglay ng kasalanan dahil sa kaniya. 18 Huwag kayong manghihiganti o magtatanim laban sa mga anak ng inyong bayan, kungdi iibigin ninyo ang inyong kapuwa na gaya ng sa inyong sarili: ako ang Panginoon." (Levitico 19:17-18 KJV)*** Ang kapwa ay ang taong malapit sa iyo. Sa Lumang Tipan ang kapwa ay ang mga kapatid na Israelita, at dito ang kautusan ng Dios ay iminungkahi na huwag kamuhian ang kapatid at magtanim ng sama ng loob sa kanilang puso sa kanilang mga kapatid. Kung siya o niya ay may nagawang isang bagay na masama, kung gayon huwag mo siya dapat kamuhian sa iyong puso at maghintay ng pagkakataon na maghiganti kundi ***"tunay na inyong sasawayin ang inyong kapuwa, at huwag kayong magtaglay ng kasalanan dahil sa kaniya."*** Ibig sabihin na kailangan mong puntahan at harapin siya at sawayin siya nang harapan para sa kasalanan na ginawa niya o kung may isang bagay na kailangang ayusin, at pagkatapos ipagpatuloy ang kaugnayan. Sa gayong kalagayan nililinis mo ang iyong kapatid mula sa anumang kasalanang nagawa niya kung handa siyang magsisi. ***"Huwag kayong manghihiganti o magtatanim laban sa mga anak ng inyong bayan,*** dito ang utos ay ipinagbabawal sa mga Israelita na yumaon at maghiganti o magtanim ng poot sa puso patungo sa kapatid. Bakit ang sama ng loob ay lumalago sa puso? Dahil hindi handang puntahan at harapin ang kapatid at ayusin ang kalagayan dahil may poot sa puso. Maraming beses ang poot na ito ang dahilan ng walang kahandaang sumunod sa kautusan ng Dios. Kung gayon kung ang kautusan ng Dios ay hindi magbigay sa iyo ng pahintulot na akusahan ang iyong kapatid, kung gayon ang sama ng loob sa iyong puso at ikaw ay naghihintay para sa pagkakataon upang maghiganti ay kasalanan laban sa Dios at laban sa iyong kapatid na gumawa ng tama sa iyo ayon sa kautusan ng Dios.

***B. "at kapopootan mo ang iyong kaaway:"*** Ngayon narito nang sinabi ni Jesus sa kanila na narinig mo na kamuhian ang iyong kaaway, walang nabanggit sa kautusan ni Moises na kamuhian ang iyong kaaaway. Kapag ang isang kapatid ay may nagawang masama laban sa iyo, kung gayon puntahan at harapin siya, sawayin siya at sabihin sa kanya na gawin ang tama o ibigay ang nabibilang o nararapat sa iyo. Sa kabila noon walang nabanggit na kamuhian mo siya, guluhin siya, pigilan siya, usigin siya, atbp. Mula sa kung saan narinig ng mga Israelita ***"at kapopootan mo ang iyong kaaway"*** Narinig nila ito mula sa kanilang mga guro na nagtuturo sa kanila ng masasamang bagay na naglayon ng pagkamuhi sa kanilang mga puso sa iba at hinayaan silang maghiganti at guluhin ang iba. Ang pahayag na ***"kapopootan mo ang iyong kaaway"*** ay binanggit sa kung saan sa Banal na Kasulatan, ngunit, ***"Ibigin mo ang iyong kapuwa"***, inulit sa iba't ibang panig gaya ng mababasa natin sa evangelio ng Mateo, Marcos, Lucas, sa Roma at Galaciasa pamamagitan ni Pablo at sa Santigao sa pamamagitn ni Apostol Santiago: Ating basahin ang mga Banal na Kasulatang ito upang mapaalalahanan at isulong na ibigin ang ating kapwa at ang ating mga kapatid.

***"Ibigin mo ang iyong ama at iyong ina: at ibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili." (Mateo 19:19 KJV)***

***"At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili." (Mateo 22:39 KJV)***

***"Ang pangalawa ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili. Walang ibang utos na hihigit sa mga ito." (Marcos 12:13 KJV)***

***"At pagsagot niya'y sinabi, Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong lakas mo, at ng buong pagiisip mo; at ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili." (Lucas 10:27 KJV)***

***"Sapagka't ito, Huwag kang mangangalunya, Huwag kang papatay, Huwag kang magnanakaw, Huwag kang mananakim, at kung mayroon pang ibang utos, ay nauuwi sa salitang ito, sa makatuwid baga'y Ibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng sa iyong sarili." (Roma 13:9 KJV)*** Upang ibigin ang iyong kapwa ay huwag pumatay, huwag magnakaw, huwag sumaksi sa mali, at huwag magimbot.

***"Sapagka't ang buong kautusan ay natutupad sa isang salita, sa makatuwid ay dito: Iibigin mo ang inyong kapuwa na gaya ng inyong sarili." (Galacia 5:14 KJV)***

***"Gayon man kung inyong ganapin ang kautusang hari, ayon sa kasulatan, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng sa iyong sarili, ay nagsisigawa kayo ng mabuti:" (Santiago 2:8 KJV)***

***"44 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig;" (Mateo 5:45 KJV)*** Dito ay ipinahayag at ipinaliwanag ni Jesus sa kanila ang Kanyang aral, at ang Salita ng Dios ay idinidikta sa kanila at sa atin ngayon.

***"Datapuwa't sinasabi ko sa inyo"***, si Jesus sa pagiging Dios ay inumpisang ihayag sa kanila ang kinakailangan nilang gawin upang maging tagasunod ni Cristo at tunay na mga Cristiano.

***"Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway"***, upang ibigin ang iyong kaaway ay huwag gumawa ng masama sa kanila, ang katulad ng itinuro ni Apostol Pablo sa mga taga Roma, ***"20 Kaya't kung ang iyong kaaway ay magutom, pakanin mo; kung siya'y mauhaw, painumin mo: sapagka't sa paggawa mo ng gayon ay mga baga ng apoy ang ibubunton mo sa kaniyang ulo. 21 Huwag kang padaig sa masama, kundi bagkus daigin mo ng mabuti ang masama." (Roma 12:20-21 KJV)*** Kailangan nating ibigin sa pamamagitan ng mga salita at gawa patungo sa mga taong masama sa atin. Kahit na sila'y gumawa ng masama kung gayon kailangan nating gawin ang mabuti anuman ang possible at magagawa ng ating mga kamay. Bigyan sila ng pagkain at inumin para makatulong sa kanilang mga pangangailangan upang sila'y mahiya. Ilagay sa iyong isip na para sa mga kaaway upang harapin ang mga ito, maaaring kailanganin mo ring gumawa ng ilang mga hakbang upang maprotektahan ang iyong sarili, ngunit iwasang saktan sila.

***"pagpalain ang sa inyo'y nagsisisumpa"***, sa mga nagsasalita ng masama laban sa atin at sinusumpa tayo, kailangan pa rin nating sabihin ang katotohanan, malumanay at mabubuting salita sa kanila, na maaring manaig tayo sa kanila, o maaring marinig at mahiya at isaalang alang na kanilang ginagawa ay masama. Laging mataktika malumanay na mga salita na may layunin ng pagsunod sa tagubilin na ito ni Jesus ay magdadala ng mas mahusay na bunga para sa kaluwalhatian ng Dios. Tunay na maari tayong magsalita ng mas mabuting mga salita sa mga tunay na  mga kapatid kay Cristo, ngunit kailangan pa rin nating isagawa ang sinabi dito ni Jesus na pagpalain ang mga sumusumpa sa iyo sa malumanay na mga salita.

***"gawin ang mabuti sa kanila na namumuhi sa iyo"***, palagi dapat nating isaalang alang kung may magagawa tayong mabuti sa ating mga kaaway. Kapag ang mga tao ay nagpakita  ng poot sa atin, kung gayon kailangan nating gumawa ng mabuti sa kanila, upang sila ay magsisi, maaari nilang baguhin ang nasa kanilang puso patungo sa atin o maging sila ay maaaring mahiya sa pagkamuhi sa atin. ***"Kaya't kung ang iyong kaaway ay magutom, pakanin mo; kung siya'y mauhaw, painumin mo"***: kung sila'y dukha maaari nating subukang tulungan sila sa materyal na mga bagay na kailangan nila, pagkain o inumin, ***"sapagka't sa paggawa mo ng gayon ay mga baga ng apoy ang ibubunton mo sa kaniyang ulo."***, sa paggawa niyon maari silang mapahiya sa kanilang ginagawa sa atin.

***"at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig"***  Kapag ang mga kaaway ay masasama at lampas sa lahat ng mga batayan sa itaas ng pag ibig sa kanila, gumawa ng mabuti sa kanila, pagpalan sila, ngunit sila ay gumagawa pa rin ng pinsala sa atin, sa kabila ng paggamit sa atin at pag uusig sa atin, maaari tayong gumawa ng ilang mga hakbang upang maprotektahan ang ating sarili at makatakas sa kanilang mga pinsala, at ang iminungkahi ni Jesus dito ay ipanalangin ang mga taong umaabuso sa atin at tinatrato tayo sa napakasamang paraan, tulad ng ipinalangin ni Jesus sa krus ang mga umuusig sa kanya at nagpako sa kanya sa krus, gaya ng mababasa natin dito,  ***"34 At sinabi ni Jesus, Ama, patawarin mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa. At sa pagbabahabahagi nila ng kaniyang mga suot ay kanilang pinagsapalaranan." (Lucas 23:34 KJV)*** at tulad ng panalangin ng mga Apostol sa aklat ng mga Mga Gawa matapos silang bantaan at babalaan na huwag ipangaral ang tungkol kay Jesus matapos pagalingin ang taong lumpo, ***"21 At sila, nang mapagbalaan na nila, ay pinakawalan, palibhasa'y hindi nangakasumpong ng anomang bagay upang sila'y kanilang mangaparusahan, dahil sa bayan; sapagka't niluluwalhati ng lahat ng mga tao ang Dios dahil sa bagay na ginawa, 22 Sapagka't may mahigit nang apat na pung taong gulang ang tao, na ginawan nitong himala ng pagpapagaling. 23 At nang sila'y mangapakawalan na, ay nagsiparoon sa kanilang mga kasamahan, at iniulat ang lahat ng sa kanila'y sinabi ng mga pangulong saserdote at ng matatanda. 24 At sila, nang kanilang marinig ito, ay nangagkaisang itaas nila ang kanilang tinig sa Dios, at nangagsabi, Oh Panginoon, ikaw na gumawa ng langit at ng lupa at ng dagat, at ng lahat ng nangasa mga yaon: 25 Na sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa pamamagitan ng bibig ng aming amang si David, na iyong lingkod, ay sinabi mo, Bakit***

***nangagalit ang mga Gentil, At nagsipaghaka ang mga tao ng mga bagay na walang kabuluhan? 26 Nagsitayong handa ang mga hari sa lupa, At ang mga pinuno ay nangagpisanpisan, Laban sa Panginoon, at laban sa kaniyang Pinahiran. 27 Sapagka't sa katotohanan sa bayang ito'y laban sa iyong banal na Lingkod na si Jesus, na siya mong pinahiran, ang dalawa ni Herodes at ni Poncio Pilato, kasama ng mga Gentil at ng mga bayan ng Israel, ay nangagpisanpisan, 28 Upang gawin ang anomang naitakda na ng iyong kamay at ng iyong pasiya upang mangyari. 29 At ngayon, Panginoon, tingnan mo ang kanilang mga bala: at ipagkaloob mo sa iyong mga alipin na salitain ang iyong salita ng buong katapangan, 30 Samantalang iyong iniuunat ang iyong kamay upang magpagaling; at upang mangyari nawa ang mga tanda at mga kababalaghan sa pangalan ng iyong banal na si Jesus." (Mga Gawa 4:21-30 KJV)*** Ang mga apostol ay yumaon at iniulat ang nangyari dahil dito malaman ng iba upang manalangin, at sila'y nanalangin. Sa kanilang pananalangin ipinakita ang kalagayan at ginamit ang Kasulatan sa Lumang Tipan mula sa ***Awit 2*** sa mga talata 25 at 26 upang ipaliwanag ang masasamang bagay na ginawa ng mga Judio, Herodes, at Pilato kay Jesus, ***"1 Bakit ang mga bansa ay nangagugulo, at ang mga bayan ay nangagaakala ng walang kabuluhang bagay? 2 Ang mga hari sa lupa ay nagsisihanda, at ang mga pinuno ay nagsasanggunian, Laban sa Panginoon at laban sa kaniyang pinahiran ng langis, na sinasabi:" (Awit 2:1-2 KJV)*** at ngayon sila ay inusig at masidhing inatake, ngunit tinanggap nila ang nangyari bilang kalooban ng Dios, at hindi sila nanalangin para sa paghihiganti ng Dios sa mga umuusig sa kanila, kundi sila'y nanalangin na bigyan sila ng katapangan na ipangaral ang Salita ng Dios, at hiniling sa Dios na gumawa ng mga himala, pagpapagaling, at kababalaghan sa pangalan ni Jesus upang maniwala ang mga tao. At tumugon ang Panginoon sa kanilang mga panalangin at sila ay napuspos ng Banal na Espiritu at yumaon at buong tapang na ipinangaral ang Salita ng Dios. Ito, ang tunay nating gawin ngayon, na huwag manalangin para sa paghihiganti ng Dios, kundi manalangin sa Dios na gumawa ng maraming kagalingan at himala sa pangalan ni Jesus na ang mga tao ay manampalataya kay Jesus at sa Salita Niya, at higit na katapangan para sa atin na ipangaral ang Salita ng Dios.

Sinunod ni Esteban ang utos ni Jesus na ipanalangin ang mga taong sa kabila nang walang kabuluhang paggamit sa iyo nang siya ay nanalangin para sa mga bumato sa kanya, ***"60 At siya'y nanikluhod, at sumigaw ng malakas na tinig, Panginoon, huwag mong iparatang sa kanila ang kasalanang ito. At pagkasabi niya nito, ay nakatulog siya." (Mga Gawa 7:60 KJV)*** Siya'y nanalangin na huwag ituring ang kasalanang ito sa kanila, na bigyan sila ng pagkakataon na magsisi at maligtas. Dapat din tayong manalangin sa parehong paraan sa ating mga kaaway.

Ang katulad sa babasahin natin sa Lucas tungkol sa ating mga kaaway at gawin ang mabuti sa kanila na namumuhi sa atin at ipanalangin ang mga umuusig sa atin, ***"27 Datapuwa't sinasabi ko sa inyong nangakikinig, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, gawan ninyo ng mabuti ang nangapopoot sa in, 28 Pagpalain ninyo ang sa inyo'y sumusumpa at ipanalangin ninyo ang sa inyo'y lumalait." (Lucas 6:27-28 KJV)***

Ating basahin ang sinulat ni Pedro tungkol kay Jesus sa gayo'y matugunan natin ang pagkatawag ng Dios sa atin na gawin sa ating mga kaaway, na huwag bantaan sila, huwag gumanti, huwag maghiganti at labanan sila, ***"21 Sapagka't sa ganitong bagay kayo'y tinawag: sapagka't si Cristo man ay nagbata dahil sa inyo, na kayo'y iniwanan ng halimbawa, upang kayo'y mangagsisunod sa mga hakbang niya; 22 Na siya'y hindi nagkasala, o kinasumpungan man ng daya ang kaniyang bibig: 23 Na, nang siya'y alipustain, ay hindi gumanti ng pagalipusta; nang siya'y magbata, ay hindi nagbala; kundi ipinagkatiwala ang kaniyang sarili doon sa humahatol ng matuwid: 24 Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran; na dahil sa kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo." (1 Pedro 2:21-24 KJV)***

***"45 Upang kayo'y maging mga anak ng inyong Ama na nasa langit: sapagka't pinasisikat niya ang kaniyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap." (Mateo 5:45 KJV)*** Nang tinanggap natin ang biyaya ng Dios na nagdadala sa atin ng kaligtasan dapat nating tularan ang Dios at gumawa sa pamamagitan ng Kanyang biyaya ang mga bagay na Kanyang itinakda para sa atin na gawin gaya ng ginagawa Niya.Ang Dios ay mabuti hindi lamang sa mabubuting tao kundi ganon din sa masasama. Ipinapadala Niya ang ulan sa mga matutuwid at sa hindi matutuwid, at hinayaan Niya ang araw na magningning sa masama at mabuti. Ang ulan at araw ay mahalaga at mahalagang mapagkukunan para mga halaman para lumago. Sa gayo'y kapag ipinahintulot Niya ang ulan at araw na makarating sa mga parang ng masasama, Pinapakain Niya at dinidiligan ang mga ito. Ipinapahintulot Niya sa kanila na makita at madama ang Kanyang liwanag at init, at naglalaan Siya para sa kanila bagaman sila'y hindi tapat at sila'y kaaway Niya, Bagama't ang Dios sa mga tiyak na panahon ay nagpipigil ng ulan para sa ilang mga layunin upang disiplinahin ang mga tao, ngunit sa pangkalahatan ay hinahayaan Niya ang pag ulan sa mabuti at masama. Bakit ginagawa iyan ng Dios at nagbibigay ng mabubuting bagay sa masasamang tao, at bakit Niya hinihiling sa atin na gawin iyon? Baka ang kabutihan ng Dios ang magdadala sa mga taong iyon sa pagsisisi, ***"4 O hinahamak mo ang mga kayamanan ng kanyang kabutihan at pagtitiis at pagpapahinuhod, na hindi mo nalalaman na ang kabutihan ng Dios ay siyang umaakay sa iyo sa pagsisisi?"(Roma 2:4 KJV)*** Kaya't dapat tayong maging mga anak ng ganyang Ama na gagawin ang mabuti sa iba sa pagibig sa ating mga kaaway; pagpapala sa mga sumusumpa sa atin, paggawa

ng mabuti sa ating mga kaaway at pananalangin para sa mga gumagamit ng walang kabuluhan sa atin at umuusig sa atin. Kung tayo'y ipinanganak na muli at nagbagong buhay sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios kung gayon bilang isang patunay ng pagiging anak ng ating Ama nasa Langit, at makikilala tayo sa pamamagitan ng ating bunga.

Tayo rin ay payuhan ng Kasulatan na ito, ***"1 Kayo nga'y magsitulad sa Dios, na gaya ng mga anak na minamahal: 2 At magsilakad kayo sa pagibig, gaya rin naman ng pagibig ni Cristo sa inyo, at ibinigay dahil sa atin ang kaniyang sarili, na hain at handog sa Dios upang maging samyo ng masarap na amoy." (Epeso 5:1-2 KJV)*** Upang maging mga anak ng Dios, kung gayon kailangan nating sundin ang Salita ni Jesus. Tinatawag ng Judio ang kanilang sarili na mga anak ng Dios ng Ama, kung gayon sinasabi Niya sa kainila ngayon at hinaharap sila at kahit tayo ay hinaharap ngayon, na kung tayo'y tinawag na mga anak ng ating Ama sa gayon hindi nating kailangang mamuhi kundi gawin ang mabuti sa ating mga kaaway at ibigin sila.

***"46 Sapagka't kung kayo'y iibig sa nangagsisiibig lamang sa inyo, ano ang ganti na inyong kakamtin? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga maniningil ng buwis?" (Mateo 5:46 KJV)*** Ang sinasabi ni Jesus sa kanila, madali lang na ibigin at magmalasakit sa mga mabuti at sa mga nakakatanggap ka ng mabuti, at iyon ang mga taong hindi Judio, ang mga publikano, ang maniningil ng buwis, na tinatawag na mga makasalanan, na hindi kilala ang Dios, Ang sinasabi ni Jesus sa kanila, madali lang mahalin at alagaan ang mga taong mabubuti at mula sa kanila ay tatanggap kayo ng mga kalakal, at na ang ginagawa ng mga taong hindi Judio, ng mga maniningil ng buwis, na tinatawag na mga makasalanan, na hindi nakakakilala sa Dios, kung gayon ano ang gantimpala na matatanggap o inaasahan ninyong matatanggap mula roon? Kung iibigin natin ang mga nagsisiibig sa atin dahil nakakatanggap tayo mula sa kanila kung gayon ang ating pagibig ay batay sa inaasahan nating tinatanggap sa iba, at ang ganyan ay isang negosyo, at walang gantimpala na matitira sa atin na matatanggap mula sa Dios.

***"hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga maniningil ng buwis?"*** Ang mga publikano ang kanilang trabaho ay kunin ang buwis mula sa nasasakupan ng pamahalaan ng Roma. Iniibig ng mga publikano ang mga nagbibigay sa kanila ng buwis, at sinasabi ni Jesus sa mga Judiong Fariseo na kung gagawa ka ng mabuti at makikitungo sa mga taong magbibigay lamang sa iyo ay walang gantimpala para sa iyo at ikaw ay magiging katulad ng mga maniningil ng buwis na kinamumuhian mo. Sa parehong paraan, kung nagtatrabaho lamang tayo sa mga taong inaasahang may matatanggap tayo kung gayon tayo ay katulad ng mga negosyante at ang ating isip ay nakatuon sa mga materyal na bagay lamang. Kaya kailangan nating magsisi sa mga ganoon.

***"47 At kung ang mga kapatid lamang ninyo ang inyong babatiin, ano ang kalabisan ng inyong ginagawa? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga Gentil?" (Mateo 5:47 KJV)*** Ditong muli sinasabi ng Panginoong Jesus sa mga Judio na kung babatiin mo ang mga taong kapatid, kaibigan, kapitbahay at mga taong mabuti sa iyo, ngunit iniiwasan mo ang iba at hindi mo sila binabati kung gayon ikaw ay kapareho ng mga hindi mananampalataya, ng mga maniningil ng buwis, o ng mga pagano na bumabati at nagpugay lamang sa mga gusto nila, o kapag may kailangan sila. Minsan iniiwasan natin ang mga tao o binabalewala o pinababayaan sila dahil wala tayong kinalaman sa kanila. Ngunit dito ay ipinaaalala ni Jesus na ang gayong saloobin ay hindi tama at dapat tayong mapupos ng pagmamahal at pagmamalasakit at magkaroon ng habag at paggalang sa iba at tratuhin sila nang may parehong pagmamahal ng Dios, tulad ng pagtrato ng Dios na ating Ama sa kanila.

***Sa aking mahal at minamahal: "48 Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal." (Mateo 5:48 KJV)*** Ngayon matapos nating pagnilayan ang sinabi sa atin ni Jesus sa talatang ito tungkol sa pagmamahal sa ating kapwa, huwag kamuhian ang ating mga kaaway, gumawa ng mabuti sa kanila, ibigin sila, pagpalain ang mga sumusumpa sa atin, ipanalangin ang mga umuusig sa atin at sa kabila ng paggamit sa atin. Suriin natin ang ating sarili at isulat ang malinaw na mga punto sa harap natin upang malaman kung ano ang mga bagay na mula doon na kulang sa ating personalidad at saloobin, at iyon ang magiging ating mga takdang aralin tungo sa pagiging sakdal.
Lumapit at makipagkasundo sa Dios. Ang ating Ama sa Langit ay sakdal sa gayong mga aspeto at si Jesus ngayon ay tinatawag at inaanyayahan tayong maging sakdal tulad ng ating Ama sa Langit na sakdal, at hayaan ang pag ibig ng Dios Ama na dumaloy sa atin sa iba, sa makatarungan at di makatarungan, sa mabuti at masama, sa kaibigan at kaaway, upang maging tunay na mga mahal na anak at mga manggagaya ng ating Dios.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinakita sa akin nang malinaw ang masamang pag uugali na mayroon ako sa aking buhay na humadlang sa akin na maging sakdal tulad mo na sakdal.*

*Ipagtapat natin at talikuran ang ating mga kasalanan. Ipagtapat at itakwil ang kasalanan ng poot, sama ng loob sa iyong puso, pagkamuhi sa iyong mga kaaway, pagpaplano laban sa kanila ng kasamaan at pagsisikap na maghiganti sa kanila. Iwaksi ang kasalanan ng pagsumpa sa iba, kakulangan ng panalangin sa mga*

*umuusig sa iyo. Iwaksi ang kasalanang paggawa ng mabuti lamang sa mga taong mabuti sa iyo. Panginoon patawarin mo ako, inaamin at tinatanggihan ko ang mga sumusunod na kasalanan* __________________

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na yumaon at patawarin ang sumusunod na mga tao at makipagkasundo sa kanila* __________________

*Panginoon ipinangako ko na gawin ang mga sumusunod na mabut sa aking mga kaaway* _________________

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na tumugon sa iyong Salita at tumalima na gawin at mamuhay ayon sa iyong kalooban. Panginoon bigyan sila ng pagtitiis at panatilihin silang matiyaga sa paggawa ng ganoon hanggang sa sila ay maging ganap sa pamamagitan mo. Panginoon protektahan mo sila sa kanilang mga kaaway at bigyan sila ng karunungan kung paano sila hahawakan. Panginoon tulungan sila na magparami ng mas maraming bunga ng Banal na Espiritu; pag ibig, kagalakan, kapayapaan, kahinahunan, kabutihan, matiyaga, pagpipigil sa sarili, mahabang pagtitiis, pagtitiyaga at pagpapakumbaba.*

*Panginoon pagpalain kami bilang simbahan gaya ng ipinapangko namin ang aming sarili na mamuhay at maging mga anak ng Dios ang Ama, na makikita ang katangian ni Jesus sa aming buhay, na makita ng mga tao si Cristo sa amin. Panginoon patuloy kaming protektahan mula sa aming mga kaaway at ibigay ang aming pangangailangan. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na mga kaloob na kailangan naming yumaon at mag evangelio at maabot ang mga tao, at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang mas maraming manggagawa upang magtanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang ating lupain, sumasa amin nawa ang iyong kamay at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong Jesucristo, at ang pag ibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu, ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Part 86. Mateo 5:43-48. Levitico 19:17-18. Mateo 19:19. Mateo 22:39. Marcos 12:31. Lucas 10:27. Roma 13:9. Galacia 5:14. Santiago 2:8. Roma 12:20-21. Lucas 23:34. Mga Gawa 4:21-30. Awit 2:1-2. Mga Gawa 7:60. Lucas 6:27-28. I Pedro 2:21-24. Roma 2:4. Efeso 5:1-2.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com